



Ika -29 ng Mayo, 2029

Malayuang Tulong sa Pag-aaral para sa mga Magulang Isang Balitang Liham Ika –9 na Isyu

Dibisyon ng Pagsuporta Para sa Mag-aaral ng Ingles
Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE)

Pambungad na Liham

MGA MAGULANG,

Ang isyu na ito ng Malayuang Tulong sa Pag-aaral para sa Mga Magulang ay ang huling lingguhang edisyon. Simula sa buwan ng Hunyo, magiging buwanan na ang labas.

Ang balitang sulat na ito ay sa nakatuon o nakapokus sa iba't ibang paksa sa bawa't isyu. Ito ay nagbibigay ng mga inpormasyon at tulong sa mga magulang na ayon sa nasabing paksa. Ang paksa sa linggong ito ay Agham. Ang pag-aaral ng Agham sa paaralan ay naghahatid sa mga bata para maging makabuluhang mamamayan. Dahil dito, sila ay nagkakaroon ng tiwala sa sarili, kakayahan at nahihilig na ipagpatuloy ang kaalaman tungkol sa mga bagay na malakas ang impluwensya sa buhay at komunidad. Kailangan ng mga mag-aaral ang paulit-ulit na oportunidad para maging makatawag-pansin at matagumpay ang pag-aaral ng Agham.

Sa Pagtatapos ng Taon

Sa nalalapit na pagtatapos ng taon sa paaralan, palagiang tandaan na dapat makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong mga anak at sa kanilang mga guro para makasiguro na kanilang natapos ang mga gawain sa malayuang pag-aaral. Mahalaga na ang lahat ng gawain o aktibidades tungkol sa malayuang pag-aaral ay kanilang nakumpleto. Mahalaga ito para makapunta sila ng matagumpay sa susunod na lebel o baytang.. Maaaring mayroong mga mungkahing maibibigay iang mga guro o mga aktibidades na dapat ay makumpleto ng mga mag-aaral sa panahon ng kanilang bakasyon. Mahalaga ito para maging handa sila sa susunod na pasukan.

Pag-aaral sa Panahon ng Bakasyon

Maraming distrito ng mga paaralan ang nag-aalok ng iba't ibang oportunidad sa panahon ng tag-araw o bakasyon. Maaari ninyo silang kontakin para malaman kung anong mga oportunidad ang mainam para sa inyong mga anak.

Kung nais ng inyong anak na sumali sa lokal na Migrant Education Program (MEP), makipag-ugnayan lamang sa kanilang mga kinatawan, para sa inyong mga katanungan. Kung hindi ninyo sila makontak, maaari din na ang kausapin ninyo ay ang direktor ng mga migranteng rehiyonal para malaman ang mga serbisyong kanilang maibibigay sa mga migrante. Ang inpormasyon para makontak ang mga direktor ng mga migranteng rehiyonal ay makikita sa CDE Regional Offices and Direct Funded Districts web at <https://www.cde.ca.gov/sp/me/mt/regions.asp>.

Mga Bagong Inpormasyon na Mapagkukunan ng Tulong Ang Unang 5 Tungkulin ng Pagiging Magulang sa COVID-19 sa mga Batang Maliliit

Ang First 5 California ay naglathala ng isang pahina para sa mga dapat gawain ng mga magulang sa maliliit nilang anak sa panahong ito ng COVID-19. Ang pahinang ito ay sinulat ng isang child psychologist at nagbibigay ng mga inpormasyon kung paano masusuportahan ang panlipunan (social), madamdamin (emotional), at mga aralin (educational) na mga pangangailangan.

First 5 California Parenting through COVID-19 with Young Children web page at <https://first5california.com/services-support.aspx?id=33&sub=164>

Mga Tulong sa Agham para sa Pamilya (CDE)

Kasama sa web page para sa CDE Agham ang tab na ang pamagat ay “ Families/ Students”. Ito ay nagbibigay ng mga inpormasyon at tulong sa mga pamilya. Ipinapaliwanag din dito ang tamang pagtuturo ng Agham sa panahon na tulad ngayon. Nagbibigay din ito ng mga mungkahi at suhestiyon sa mga magulang kung paano masusuportahan ang kanilang mga anak para sila ay maging matagumpay.

CDE Science web page at <https://www.cde.ca.gov/pd/ca/sc/>

Mga Inpormasyonal na Tulong na Linggo-Linggo

Mga Bigay Kaalaman at Tulong kada Linggo Inpormasyon para sa Pagkain sa Paaralan: CA Meals for Kids

Maaari pa ring kunin ng mga magulang ang pagkain ng mga bata sa paaralan sa panahon ng COVID-19 o sa panahon na sarado ang mga paaralan. Gamitin lamang ang “CA Meals for Kids” mobile app para malaman kung saan maaaring pumunta o puwede din kontakin ang distrito ng paaralan. Ang ibang distrito ay nagbibigay ng pagkain na inihahatid sa bahay. Alamin kung ito ay puwede sa inyong distrito.

CDE News Release: CA Meals for Kids App Update at <https://www.cde.ca.gov/497627>

Pagkuha ng Internet

Kung wala kayong akses sa internet sa bahay, ay mayroon namang mga kompanya na nagbibigay ng serbisyo sa mga pamilya. Kontakin lamang ang mga kompanyang ito na nakalista sa link sa ibaba para mapag-usapan ang serbisyong maaaring makuha.

Getting Internet Access: Available Plans at <https://www.cde.ca.gov/498321>

Mga Tulong sa Sariling Tahanan

Narito ang ilan sa mga rekomendadong tulong na maaari ninyong gamitin sa inyong mga anak sa bahay o maaari din naman nila itong gamitin sa kanilang sarili.

Mga Eksperimento sa Agham

Ang mga website sa ibaba ay nagbibigay ng mga simpleng eksperimento na maaaring gawin gamit ang mga pang-arawaraw na bagay. Maaaring gawin ito ng mga magulang kasama ang mga anak/bata at para sa mga medyo malalaki na, kailangan lamang ang kanilang gabay.

Masayang Agham Para sa Lahat

Maraming masisiglang eksperimento ang maaari ninyong magawa sa sariling bahay. Ang ilan sa mga ito ay ang paggawa ng sariling kumukulog putik (lava lamp) para mapag-aralan ang densidad o dili kaya ay pagawa ng play dough.

<http://www.sciencefun.org/kidszone/experiments/>

Exploratorium Science Snacks: Family Friendly Snacks

Ang Exploration ay isang pampublikong laboratoryo na matatagpuan sa San Francisco. Ang pahinang ito ay mayroong mga munting ekperimento o “science snacks” na maaaring gawin sa sariling tahanan. Dito ay marami kayong matututuhan tungkol sa elektrisidad (kuryente) at magnetismo. Maaari kayong gumawa ng remote-control roller sa pamamagitan ng basyong lata ng soda at lobo. Kung tunog naman ang hilig mo, subukang gumawa ng isang simpleng instrumentong musikal gamit ang straw at gunting.

<https://www.exploratorium.edu/snacks/collection/family>

Mga Eksperimento sa Agham para sa mga Bata

Ang web page na ito ay nagbibigay ng mga mapanghalinang eksperimento para sa mga mahilig sa agham. Matututo kayong ng mga teknolohiya at masisiyahan kayo sa mundo ng agham o siyensya. Alam ba ninyo na maaari kayong gumawa ng isang parakayda o parasyut gamit ang plastic bag o dili kaya ay gumawa ng isang bulkanmula sa suka at baking soda.

<https://www.sciencekids.co.nz/experiments.html>

Mga Aralin Tungkol sa Agham

Mystery Science School Closure Planning: Free, Easy Science for Remote Learning

Ito ay isang website na libre at mayroog mga leksyon tungkol sa Agham mula Kindergarten hanggang sa ika-5 grado. Ang maiiksing leksyon na ito ay mga bidyo na maaaring panoorin kung Agham ang hilig nila.. Ang kabuuang leksyon ay may kasamang interactive elements. Kung nais na panoorin ang Espanyol, I-klik lang ang espanyol sa itaas.ng pahina.

<https://mysteryscience.com/school-closure-planning>

Social Media and Email

Upang lagi ninyong alam ang mga bagong kaalaman at inpormasyon, sundan lamang ang CDE English Learner Support Division sa Twitter [@MultilingualCA](#).

Para magsubscribe sa English Learner Updates Listserv, magpadala lang ng blankong email sa

join-english-learner-updates@mlist.cde.ca.gov.